
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4

## Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Suzette Lily G. Escueta, Gemma Gutierrez, Ramon S. Gravino Jr, Demosthenes Cajes, and Greco Dasmariñas

**Editor:** Gemma Gutierrez

**Tagasuri:** Gemma S. Daño

**Tagawasto:** Ramon S. Gravino, Jr., Mylene C. Robiños, Juvy A. Comaingkin

**Tagaguhit at Tagalapat:** Demosthenes Cajes, and Greco Dasmariñas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Cristy C. Epe, Beverly S. Daugdaug, Mary Joy B. Fortun, Imelda T. Cardines, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 7 para sa araling Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karananasan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 7 para sa araling Pag-uugnay ng Binasa Sariling Karanasan!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Kumusta ka?

Maligayang pagdating sa modyul na ito! Tara at patuloy tayong magbasa. Ang mga piling kuwento rito ay maaring naranasan mo na. Tutuklasin natin ang koneksyon ng iyong karanasan at ng iilang kuwento upang lalong mapayaman ang iyong kaisipan.

Sa modyul na ito ay magbabasa ka ng mga maikling kuwento o seleksyon at iuugnay sa sariling karanasan upang lubusang mapahusay ang kakayanan sa pag-unawa.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (F3PB-Ia-1).

# Subukin

Bago ka magsimula sa araling ito, nararapat na basahin mo muna ang maikling seleksyon. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na nasa bilang 1 – 4. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel. Para bilang 5, ibigay ang mga hinihingi.

Kung 100% tama ang iyong mga sagot, maaari mo ng laktawan ang modyul na ito. Subalit kung may isa o higit pang mali ay kailangang ipagpatuloy mo ang mga sumusunod na gawain.

Araw ng Sabado, naiwan ang kuya at bunso sa bahay. Sa mesa ay may iniwan na sulat ang Nanay.

Ang kuya ay labing-walong gulang at nasa **senior high school**. Habang ang bunso naman ay walong taong gulang at nasa ikatlong baitang.

Ito ang nakasulat:

Mga anak,

Ito ang mga gawain ninyo ngayong araw.
Magtulungan kayo sa paggawa ng mga ito.
Sana ay matapos ninyo bago kami dumating
ng inyong itay.

1. Walisan ang sahig.
2. Pakainin si Bantay.
3. Punasan ang mesa.
4. Diligan ang mga bulaklak.
5. Hugasan ang mga pinggan.
6. Ilipat ang isang sakong bigas sa kusina
7. Isauli ang hiniram kong libro sa kapitbahay
8. Tagain sa puno ang isang buwig na saging
9. Tanggalin ang kurtina at magsabit ng bago
10. Tanggalin ang mga makikitang bahay-gagamba sa kisame.

Nagmamahal,
Inay

Pagkatapos mabasa ng magkapatid ang sulat ay kumain muna sila ng agahan. Pinagkasunduan kung sino ang gagawa at sinimulan agad ang mga bilin ng nanay.

Mga tanong:

1. Kung ikaw ang anak sa seleksyong binasa, ano ang gagawin mo sa mga bilin ng iyong nanay?
   A. sundin
   B. kalimutan
   C. huwag pansinin
   D. ipagawa sa iba

2. Paano ninyo hahatiin ng iyong kapatid ang mga gawain?
   A. Hayaang si kuya ang gagawa ng lahat na gawain.
   B. Ipaubaya kay kuya ang magagaan na mga gawain.
   C. Sabay ninyong dalawa gagawin ang lahat ng mga bilin.
   D. Hayaan ang kuya ang gagawa sa mabibigat na gawain

3. Sa palagay mo, bakit kailangang magtulungan ang magkapatid sa paggawa ng mga gawaing bahay?
   A. upang hindi pagagalitan ng magulang
   B. para madaling matapos ang mga gawain
   C. para makakahingi agad ng pera na ipambibili
   D. upang may maipagmayabang sa **social media**

4. Bilang anak, ano ang aasahan ng inyong mga magulang sa kanilang pagdating?
   A. natapos ang mga gawain
   B. nag-aaway kayong magkapatid
   C. hindi pa tapos ang mga gawain
   D. nagkalat ang mga gamit sa bahay

5. Sa sampung mga gawaing nakasulat, alin sa mga ito ang kaya mong gawin? Pumili ng lima at isulat ito sa papel.

# Modyul 1 Pag-uugnay ng Binasa sa Sariling Karanasan

## *Balikan*

Saglit mong balikan ang iyong mga natutuhan sa nakaraang leksiyon.

Sipiin ang mga pangungusap sa papet. Pagkatapos ay salungguhitan ang salitang kilos o pandiwa na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Si Ate ay magaling sumayaw.
2. Kumakanta si Kuya ng kundiman.
3. Inayos ni Itay ang nasirang pintuan.
4. Masarap magluto ng pansit si Nanay.
5. Marunong ng lumakad ang bunso namin.

# Tuklasin

Basahin ang maikling seleksyon.

**Ang Bayabas**



Iba't ibang gulay at prutas ang dala ng nanay galing palengke. Hinanap ni Andoy ang paborito niyang bayabas sa basket. Pagkakita niya'y kinagat agad ang isa at inilagay ang apat sa bulsa. Wala ng natirang bayabas. Bumalik kaagad si Andoy sa paglalaro ng mga lastiko sa sahig.

Si Ate Anding ang naghugas ng mga pinamalengke. Habang si Nanay ay nagligo saglit at nagbihis kaagad ng damit pambahay.

Maya-maya pa'y lumapit si Andoy sa nanay at nagsabing sumakit daw ang kaniyang tiyan. Sinabi rin ni Andoy na naubos niya ang mga bayabas. Nagtaka rin si Ate Anding dahil wala siyang nahugasang bayabas sa mga dala ng nanay.

Kaya't tumawag ang nanay sa kaibigan doktor upang magbigyan ng tamang gamot si Andoy.

## Suriin

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel sa bilang 1-4. Sa bilang 5, ibigay ang hinihingi.

1. Kung ikaw si Andoy, bakit mo kukunin ang lahat ng bayabas na dala ng iyong ina?
   A. ito ang paborito mong prutas
   B. may panibagong kang paglalaruan
   C. ipagbibili mo ito tapat ng iyong bahay
   D. ipagyayabang sa mga kalaro at kaibigan

2. Ano ang naiisip mong dahilan sakaling sumakit ang iyong tiyan pagkatapos mong kumain?
   A. naglaro ka agad matapos mong kumain
   B. inubos mo ito at hindi ka namigay sa kapatid
   C. busog na busog ka sa mga kinaing mong bayabas
   D. agad mong kinain ang mga bayabas na hindi naghugas ng kamay

3. Kung may paborito kang pagkain, ano ang gagawin mo?
   A. uubusin lahat
   B. magtira sa iba
   C. itatago muna
   D. kukunan ng larawan

4. Bakit kailangang panatilihin mong malinis ang iyong katawan?
   A. Sasabay ka sa uso
   B. Malalayo ka sa sakit
   C. Magandang kang tingnan
   D. Dadami ang iyong mga kaibigan

5. Ano ang ginagawa mo upang maging malusog ang iyong katawan? Magbigay ng tatlong paraan. Isulat ito sa papel.

Nasagot mo ba ang mga tanong?

May mga sandali bang nagmamadali ka at nakalimutan mong maghugas ng kamay bago kumain?

Ang nabasa mo ay iilan lamang sa mga kuwentong nagpapaalala na maari mong balikan ang iyong mga karanasan upang makaugnay sa mga pangyayara ang binasang teksto.

Ang kakayahan sa pag uugnay ng binasa kaugnay sa sariling karanasan ay nakatutulong upang makabubuo ng malinaw na pananaw, malalim na pang-unawa, at makatotohanang pagbabahagi habang nalilibang ang sarili sa pagbabasa.

# Pagyamanin

Basahin ang kuwento. Sagutin ang mga tanong. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot sa bilang 1-4. Ibigay naman ang hinihingi sa bilang 5.

**Mamaya Na**



Isang Sabado, dinaanan ni Tilong ang pinsan at kaklaseng si Lala. Susubukan nila ang bago niyang bisekleta. Ngunit, abala si Lala sa pagguguhit ng larawan para sa Filipino 3. Hindi muna sasama si Lala dahil uunahin niya ang takdang aralin. Susunod na lang daw siya kung matatapos na ang gawain. Kinumbinsi ni Lala ang pinsan na sabay nilang gagawin ang aralin sa bahay nila subalit ang sabi ni Tilong ay, “mamaya na”.

Dumating ang Lunes. Sa silid-aralan sa asignaturang Filipino 3 ay isa-isang pumunta sa harapan ang mga kaklase nina Tilong at Lala. Nagsalita tungkol sa kani-kanilang iginuhit na mga larawan at ipinagmalaki ang bawat gawa. Nang tinawag na si Tilong ng guro ay hindi siya tumayo. Wala siyang dalang gawain na maipapakita at maipagmamalaki sa klase.

Mga tanong:

1. Kung ikaw si Tilong, ano ang dahilian bakit ayaw mong tumayo sa harap ng klase?
   A. naiwan mo ang iyong ginawa
   B. hindi maganda ang ginawa mo
   C. nahihiya kang magsalita sa harap
   D. hindi ka nakagawa ng takdang aralin

2. Ano ang dahilan at walang naipasa si Tilong sa klase?
   A. Wala siyang kagamitan pangguhit.
   B. Naubos ang oras sa pagbibisekleta.
   C. Hindi niya alam ang takdang aralin.
   D. May ginawa siyang mas importante.

3. Kung ikaw si Tilong, paano mo maiiwasan ang malagay sa ganitong sitwasyon?
   A. Makinig nang mabuti sa guro.
   B. Hindi na lang papasok upang hindi mapahiya.
   C. Makinig sa sinabi ni Lala at gawin ang takdang aralin.
   D. Ipagpatuloy ang pabibisekleta kasama ang kaibigan.

4. Alin ang madalas mong ginagawa kapag nasa bahay?
   A. naglalaro ng kompyuter
   B. natutulog maghapon
   C. nagbabasa at nag-aaral
   D. nanonood ng telebisyon

5. May mga panahon bang hindi mo nagawa ang pinapagawa sa iyo? Ano ang nangyari? Isulat sa papel ang iyong sagot.

## Isaisip


Buuin ang kaisipang ipinapahayag ng pangungusap. Isulat sa papel ang nawawalang mga salita.

Ang kakayahan sa pag uugnay ng binasa sa sariling karanasan ay nakatutulong upang makabuo ng malinaw na ______________________, malalim na __________________ at makatotohanang __________________ habang nililibang ang sarili sa pagbabasa.

## Isagawa

Basahin at unawain ang seleksyon.

### Ang Pulang Sapatos



Kaarawan na Sarah. Bibilhin na ang pulang sapatos na gustong gusto niya. Kahit hindi pa luma ang asul niyang sapatos ay nakumbinsi niya ang mga magulang na bilhan siya ng bago.

Nasa tindahan na sina Sarah at mga magulang nito. Isinusukat na niya ang pinakausong pulang sapatos. Aliw na aliw siya rito dahil sa bawat hakbang niya ay sumasabay sa pagkidlap ng mga ilaw sa may talampakan.

Nang huhubarin na niya ang sapatos ay napansin niya ang isang batang lalaking kasing-edad niya sa labas. Pilay, nakasaklay, at nakatsinelas lamang. Masaya itong nagtitinda ng mga basahan. Napansin ni Sarah na ang isang binti nito ay maliit kaysa sa kabila kaya hindi ito nakalalakad nang timbang.


Napatigil si Sarah. Tuluyan nang hinubad ang isinukat na sapatos. Napaiisip siya.

Wika ni Sarah, "Itay, Inay, nagbago po ang isip ko, huwag na po nating bilhin ang sapatos. Sayang po ang pera. Okey pa naman po iyong asul kong sapatos. Ang importante po ay may mga paa ako. Ito po ang dapat kong pasalamatan. Nakakalakad at nakakatakbo ako nang maayos. Salamat po Itay, Inay sa pagmamahal ninyo sa akin," sabay yakap sa magulang.

Sa gabing iyon ay nagkaroon ng maliit na salusalo sa bahay nila kasama kaniyang Lolo at Lola.


## Gawain 1

Kung ikaw si Sarah, paano mo ipakikita ang iyong pasasalamat sa mga biyayang natatanggap araw-araw? Isulat ang iyong sagot sa papel.



## Gawain 2

Ilista ang limang biyayang iyong natanggap. Pagkatapos ay ibigay ang dahilan kung bakit mo ito pinasasalamatan? Isulat ito sa malinis na papel.





# *Tayahin*

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

### Walang Iwanan



Sumali sa pabilisan ng pagtakbo ang kambal na sina Karlo at Karla. Malaki ang premyo sa patimpalak na ito.

Simbilis ng kidlat ang takbo ni Karla. Nangunguna siya. Habang si Karlo ay nasa ikaapat na puwesto mula sa una. Nang malapit ng maabot ni Karla ang finish line ay biglang namanhid ang kaniyang kanang binti. Natumba siya. Nalampasan siya ng dalawang sumusunod sa kaniya. Nang nagpang-abot na sila ng kapatid ay tumigil si Karlo upang maalalayan siya. Nalampasan na naman sila ng iilan pang mga kalahok.

Akay-akay ni Karlo ang pipilay-pilay na si Karla patungong finish line. Hindi man sila nanalo sa paligsahan ay naabot nila sabay ang dulo ng karera. Higit sa lahat ay napatunayan nila na ano man ang mangyayari ay dapat walang iwanan.

Aling pangyayari sa binasang teksto ang maaari mong iugnay sa sariling karanasan? Ano ang natutuhan mong aral mula sa pangyayaring ito. Isulat ang iyong sagot sa malinis na papel. Gawing batayan sa pagsagot ang rubrik.




**Rubrik sa Pag-uugnay sa Sariling Karanasan**

| Pamantayan | Puntos | Panukatan |
| --- | --- | --- |
| Pag ugnay sa Sariling Karanasan | 3 | Maayos na naigunay ang mga pangyayari sa sariling karanasan. |
| | 2 | Hindi gaanong naiugnay ang mga pangyayari sa sariling karanasan. |
| | 1 | Hindi sinubukang iugnay ang mga pangyayari sa sariling karanasan. |
| Nilalaman | 2 | Makabuluhan ang nilalaman sa pag-uunay ng sariling karanasan. |
| | 1 | Hindi makabuluhan ang nilalaman sa pag-uugnay ng sariling karanasan. |

# *Karagdagang Gawain*

Basahin at unawain ang usapan ng magkaibigan. Punan ang mga lobo ng usapan ng pangungusap hango sa iyong karanasan upang mabuo ang komiks istrip. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. A
2. C
3. B
4. A
5. Maaring iba-iba ang sagot lahat dahil batay ito sa sariling karanasan

**Balikan**

1. sumayaw
2. kumakanta
3. inayos
4. magluto
5. lumakad

**Suriin**

1. A
2. D
3. B
4. C
5. Iba-iba ang sagot. Tingnan ang rubriks bilang batayan sa pagbibigay ng puntos

**Pagyamanin**

1. D
2. B
3. C
4. A-D (maaring iba-iba dahil batay ito sa sariling karanasan
5. Iba-iba ang sagot. Gamitin ang rubrics bilang batayan ng pagbibigay ng puntos

**Isagawa**

1-2 Iba-iba ang sagot. Gamitin ang rubrics bilang batayan ng pagbibigay ng puntos

**Tayahin**

Iba-iba ang sagot. Gamitin ang rubrics bilang batayan ng pagbibigay ng puntos

## *Sanggunian*

(K-12 Gabay Pangkurikulum FILIPINO)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph